

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-20 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 31 MAYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens

KAPASYAHAN BLG. 041

Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG PAGSASAKA NA LAHAT NG MGA PROYEKTONG NAKALAAN PARA SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO AY IPAALAM AT IDAAN SA TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN.

- | | |
|-----------|---|
| SAPAGKA'T | ang pagpapabuti at pagpapaunlad ng mga programang pang-agrikultura ay isa sa mga prayoridad na adhikain ng ating pamahalaan bilang isang mahalagang suporta sa ekonomiya ng bansa; |
| SAPAGKA'T | upang maisakatuparan ito at matulungan lalo't higit ang maliliit na magsasaka ng bansa, iba't ibang proyekto ang inilulunsad at ipinagkakaloob sa mga mamamayan kung saan mga makabagong teknolohiya at paraan ang isinasagawa; |
| SAPAGKA'T | ang ganitong pagkandili ng pamahalaang nasyonal sa mga mamamayan ng mga lokal na pamahalaan ay lubos na pinasasalamatang ng mga namumuno at pinamumunuan dahil sa magandang ibubunga nito sa kabuhayan at kaunlaran lalo na sa mga malalayong lugal; |
| SAPAGKA'T | bagama't napakaganda ng layunin ng pamahalaang nasyonal, ang hindi wastong pagsasagawa o implementasyon ng mga proyekto ay nakakaapekto sa kredibilidad at tunay na adhikain ng nakatatasa na awtoridad sa kadahilangang pagdating sa pamahalaang lokal kakaunti ang nabibiyayaan o hindi napupunta ang proyekto sa mga taong dapat tumanggap nito; |
| SAPAGKA'T | ang dahilan nito ay ang kawalan o kakulangan sa koordinasyon ng mga taong sangkot, ng mga tauhan ng tanggapan pang-agrikultura sa Punong Bayan o sa mga namumuno sa bayang ito; |

[Handwritten signature]

[Handwritten signatures]

SAPAGKA'T sa ganitong sitwasyon pinagkasunduan ng mga pinunong lokal na hilingin sa kinauukulang ahensya at sa temang ito sa Kagawaran ng Pagsasaka na lahat ng proyekto ng Kagawaran para sa pamahalaang lokal ay mapitagang hinihiling na ipaalam at idaan sa Tanggapan ng Punong Bayan ng bayang ito.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kagawaran ng Pagsasaka na lahat ng mga proyektong nakalaan para sa bayan ng Roxas. Silangang Mindoro ay ipaalam at idaan sa Tanggapan ng Punong Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Mary Ann P. Sayoc, Regional Director, Kagawaran ng Pagsasaka, Rehiyon IV, 4th Floor, ATI Building, Elliptical Road, Quezon City para sa kanyang masusing pag-aaral at naaayong pag-aksyon.

IPINASYA PA RIN na bigyang-sipi ng kapasyahang ito si G. Rodolfo Valdez, Provincial Agricultural Officer, Calapan City at G. Nicodemus G. Suarez, Municipal Agricultural Officer, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 31 Mayo 1999


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang/Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DINAPILIS
Punong Bayan

*Received by
merz/*

*Recd:
enclaves 6/7/99 9:00am*